# Ang Pinaka- Malaking Propesiya ng Sanlibutan

**Leksyon 14**

Ikaw ay mag-aaral ng pinakamahaba at pinaka-mahalagang propesiya sa Biblia. Ibinigay humigit kumulang 500 mga taon bago ang kamatayan ni Cristo, tumpak nitong itinuturo ang panahon ng Kaniyang sakripisyo. At bilang tanging lugar sa Lumang Tipan na nagsasalita tungkol sa parating na "Messias" sa ganoong termino, ito ay nalalagay sa pinaka-mataas sa lahat ng mga Messianicong propesiya. Subalit ang propesiyang ito, na matatagpuan sa ikawalo at ikasiyam na mga katipulo ng aklat ng Daniel, ay lumalampas pa ng higit sa makalupang ministerio ni Cristo upang magbigay ng panorama sa kasalukuyan Niyang gawain para sa atin sa mga looban sa langit.

Tatalakayin natin ang propesiya sa tatlong mga leksyon. Sa una ay ating pagtutuunan ng pansin ang pagtatayo ng mga bahagi ng panahon na kabilang. Ang dalawang susunod na mga leksyon ay magdadala sa atin sa luklukang silid ng Diyos, binubuksan sa ating pang-unawa ang natatanging gawain ni Jesus para sa atin ngayong mga huling araw.

Iyong maaalala mula sa Leksyon 2 na ang propesiya ng Daniel 8 ay nagsisimula na may lalaking tupa at kambing. Pagkatapos talakayin ang mga sungay ng kambing, ang pangitain ngayon ay lumiliko sa mga gawain ng maliit na sungay, na nagpapalawak sa kanyang sarili upang labanan ang langit, ibinabagsak ang katotohanan sa lupa at yinayapakan ang santuario at ang hukbo.

**1. Gaano katagal ang santuario at ang hukbo yayapakan?**

*Daniel 8:13, 14*____________________

**2. Sino ang inutusan upang maunawaan ni Daniel ang pangitain?**

*Daniel 8:16*____________________

Ang anghel ay nagpasimulang ipaliwanag ang pangitain. Sinabi niya kay Daniel na ang lalaking tupa ay kumakatawan sa Medo-Persia; ang kambing at ang mga sungay nito ay kumakatawan sa Grecia. Pinalaki pa niya ng kaunti ang mga gawain ng maliit na sungay, subalit walang sinabing higit pa tungkol sa tiyak na panahong kabilang.

**3. Nang tumigil sandali si Gabriel sa pagpapaliwanag ng buo, anong nangyari kay Daniel?**

*Daniel 8:27*____________________

"Ginawa ko ang mga gawain ng hari: at ako'y natigilan sa pangitain, nguni't walang nakakaunawa." Daniel 8: 27

**4. Nang dumating na sa wakas si Gabriel upang ipaliwanag ang bahagi ng panahon ng pangitain, ilan sa 2300 mga araw ang sinabi niyang nakalaaan para sa bayang Judio?**

*Daniel 9:21-24*____________________

Ang apatnaput- pitong mga linggo ay 490 na mga araw. Bawasan mula sa kabuuan ng 2, 300 mga araw, at 1,810 na mga araw ang natira.

**5. Sa propesiya sa Biblia, ang Diyos ay nagtalaga ng maikling sukat ng panahon upang kumatawan sa mas mahabang sukat ng panahon. Ano ang ginamit Niyang sukatan?**

*Ezekiel 4:6*____________________

"Sa bawa't araw ay isang taon." Bilang 14: 34

Sa pag-gamit sa tuntuning ito, ang 2,300 na propetikong mga araw ay katunayang 2, 300 na literal na mga taon, ang unang 490 na nauukol sa mga Judio.

**6. Ang tagal ng panahon ay magsisimula nang anong utos ang ipalabas?**

*Daniel 9:25*____________________________________________

**7. Sa pagtupad sa utos ng Diyos, ano ang kakailanganin ng tatlong mga hari ng Persia upang makagawa ng mga batas tungkol sa muling pagtatayo ng Jerusalem?**

` *Ezra 6:14*____________________________________________

Ang huling batas, ang kay Artaxerxes, ay nakatala sa Ezra 7, at ipinatupad sa taglagas ng 457 B.C.

**8. Sino ang magpapakita pagkatapos ng pitong sanlinggo at anim na pung sanlinggo?**

*Daniel 9:25*____________________________________________

Ang animnapung sanlinggo ay 483 propetikong mga araw. Mula sa taglagas ng 457 B.C., dinadala tayo ng 483 mga taon sa taglagas ng A.D. 27. Sang- ayon sa propesiya, ito ay kung kailan magpapakita ang Messias. Ang "Messias" ay ang Hebreong salita para sa "Pinahiran". Sinasabi sa atin ng Biblia na, "si Jesus na taga Nazaret, kung paanong siya'y pinahiran ng Dios ng Espiritu Santo at ngkapangyarihan." Gawa 10: 38. Ang pagpapahid ay naganap sa Kanyang bautismo (Juan 1: 32). Si Jesus ay nabautismuhan sa taglagas ng A.D. 27, sa tumpak na panahong sinabi sa propesiya ni Daniel.

**9. Pagkatapos ni Jesus bautismuhan, ano ang sinabi ni Andres sa kanyang kapatid na si Simon?**

*Juan 1:41*____________________________________________

**10. Sa pagpapasimula ng pampublikong ministerio ni Jesus, ano ang sinabi Niya na nagpapahayag ng Kanyang pagkaalam sa Kanyang propetikong kapanahunan?**

*Marcos 1:15*____________________________________________

**11. Nagtuturong si Jesus ay dumating sa tamang panahon, kailan sinabi ni Pablo magpapakita ang Tagapagligtas?**

*Galacia 4:4*____________________________________________

**12. Ano ang patitigilin ni Jesus sa kalagitnaan ng ika-pitumpung linggo?**

*Daniel 9:27*____________________________________________

Ang "linggong" iyon ang magiging huling pitong taon ng "70-linggo" bahagi ng propesiya. Ito ay lumampas mula sa tagsibol ng A.D. 27 hanggang sa tagsibol ng A.D. 34.

Sa tagsibol ng A.D. 31, husto sa kalahati ng pitong-taong panahon, dinala ni Jesus sa katapusan ang buong sistema ng mga paghahandog at sa pag-aalay ng Kanyang sarili bilang Kordero ng Diyos, kung saan ang buong sistema ng paghahandog nagtuturo.

.


**13. Anong nangyari sa templo sa Jerusalem nang si Jesus ay namatay na nagpapakita na ang mga ritwal doon ay hindi na kailanaman magkakaroon pa ng anumang kahulugan.**

*Mateo 27:51*____________________________________________

**14. Pitumpung sanlinggo ang ipinasiya sa bayang Judio upang gawin ang ano?**

Daniel 9:24 upang tapusin ang______________________________
at upang wakasan ang______________________________
upang linisin sa______________________________
dalhan ng walang hanggang______________________________
upang tatakan ang______________________________
upang pahiran ang______________________________

Ang bahagi ng "pitumpung sanlinggo" ng 2,300 mga araw ay nagtapos noong A.D. 34. Sa taong iyon tumigil ang palugit na panahon para sa Israel, at kanilang tinatakan ang kanilang pagtanggi kay Cristo sa pagbato kay Esteban. Sapagkat ang mga Judio ay hindi na piniling bayan ng Diyos, ang mabuting balita ay pinasimulang ihayag sa mga Gentil, at namana ng Kristiyanong iglesia ang lahat ng mga karapatang ipinangako sa mga anak ni Abraham (Galacia 3: 29). Ang templo at ang lungsod ng Jerusalem ay winasak ng mga hukbong Romano noong A.D. 70 (Daniel 9: 26, 27; Markos 13: 14).





**15. Ang pangitain ng 2300 mga araw ay nagtuturo sa anong bahagi ng kasaysayan ng daigdig?**
*Daniel 8:17*____________________________________________

Mula sa taglagas ng A.D. 34, 1, 810 mga taon ng propesiya ang natira. Idagdag ang 1, 810 sa 34 at dinadala tayo nito sa taglagas ng taong 1844, na kung saan tinutukoy ito ng propesiya bilang "ang huling panahon".

**16. Ano ang sinasabi ng Biblia na magaganap sa katapusan ng "2300 araw"?**
*Daniel 8:14*____________________________________________

**17. Anong mga tagubilin ang ibinigay ng anghel na nagpapakita na ang pangitain ay hindi ibinigay para sa kapanahunan ni Daniel?**
*Daniel 8:26*____________________________________________

**18. Kailan ang kaalaman sa mga propesiya ni Daniel sa wakas ay lalago?**
*Daniel 12:4*____________________________________________




Upang suriin ang pagkwenta sa itaas, tandaan na walang taong zero. Sa ibang mga salita, ang 1 B.C. ay sinundan agad ang 1 A.D.
(Ang A.D. Ay ang pinaikli na "anno Domini, na sa Latin ay "sa taon ng Panginoon.)

## Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

**O** Nauunawaan kong ang bahagi ng pitumpung-sanlinggo sa 2300-araw na propesiya ay tumpak na natupad sa makalupang ministerio at pag-sakripisyo ni Jesus.

**O** Nauunawaan kong ang natitirang 1, 810 na mga taon ng propesiya ay nagtuturo sa mahalagang gawain ng paglilinis na magaganap malapit sa huling panahon.

**Karagdagang mga puna:**______________________________________________

**Pangalan:**______________________________________________

**Susunod na Leksyon:** ***Inaalisan ng Tatak ng Apocalipsis ang Propesiya ni Daniel***